Seattle Public Schools

DAHIL MAHAL NAMIN KAYO. . .

Nakikipag-ugnayan kami sa lokal na distrito ng kalusugan sa pagprotekta sa mga bata mula sa ilang sintomas ng nakakahawang sakit.
Kung mayroon ng anuman sa mga sintomas na ito ang inyong anak, mangyaring panatilihin siya sa bahay o magsagawa ng nararapat na kaayusan sa pangangalaga ng bata.

- ITSURA, PAGKILOS - hindi karaniwang pagkapagod, walang kulay, walang gana kumain, mahirap gisingin, pagkalito o pagka-bugnot. Ito ay sapat na rason upang hindi papasukin ang anak sa paaralan.
- MGA MATA - makapal na muta na galing sa mata o sore eyes (conjunctivitis).
- LAGNAT - temperatura na 100 antas fahrenheit o mas mataas.
- BERDENG UHOG, AT/O HINDI NAWAWALANG UBO - dapat mapatignan sa tagapagbigay alaga sa kalusugan. Ang mga kondisyong ito ay maaaring nakakahawa at nangangailangan ng paggamot.
- MASAKIT NA LALAMUNAN - lalo na kung may lagnat o namamagang glandula sa leeg.
- PAGTATAE - 3 o higit na matubig na pagdumi sa loob ng 24 oras na panahon lalo na kung ang bata ay kumikilos o mukhang maysakit.
- PAGSUSUKA - 2 o higit na pagsuka sa loob ng nakaraang 24 oras.
- BUTLIG - butlig sa katawan lalo na kung may lagnat o pangangati. Mga diaper rash, rash sa init at allergic na reaksiyon na hindi nakakahawa.
- IMPEKSIYON SA TENGA NA WALANG LAGNAT - hindi kailangang hindi papasukin ngunit kailangan ng bata ng medikal na paggamot at pag-follow-up. Ang hindi nagamot na impeksiyon sa tenga at maaaring magdulot ng permanenteng pagkawala ng pagdinig.
- KUTO, SCABIES - ang mga bata ay hindi maaaring magbalik sa paaralan hanggang hindi sila nabibigyan ng tamang paggamot.

KUNG MAYROONG ANUMANG SINTOMAS SA ITAAS ANG MAKITA SA INYONG ANAK, KAILANGAN SIYANG SUNDUIN MULA SA PAARALAN.

- *Ang pagpapapasok sa inyong anak sa paaralan na mayroon siyang anumang sintomas sa itaas ay naglalagay sa ibang bata at mga kawani ng paaralan sa panganib na magkasakit.*
- *Kung ang lahat ng magulang ay pananatilihin sa bahay ang kanilang may sakit na anak, tayo ay magkakaroon ng mas malakas, mas malusog at mas masayang mga anak.*
- *Ikinalulungkot man namin ang abalang magagawa nito, sa kalaunan ay magdudulot ito ng mas kaunting nawalang araw ng trabaho at mas kaunting sakit pati na rin sa mga magulang.*

Maraming Salamat,

_____Seattle Public Schools_____ Kawani ng Kalusugan

© 2008 TransACT Communications, Inc.